
# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN II**



# MODYUL 14

# ANG MUNDO NG KABANALAN SA ASYA

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

## MODYUL 14
## ANG MUNDO NG KABANALAN SA ASYA



Ang kapayapaan ay sumaiyo kapatid! Saan ba natin madalas marinig ang pagbating ito? Kung nagsisimba ka ay tiyak na alam mo dahil ito ang madalas nating marinig sa mga pari at mga nagsisimba na bahagi ng misa. Ganito rin ang pagbati ng mga kapatid nating Muslim. Ang pagbating ito ay bahagi na ng kanilang relihiyon.


Ang relihiyon ay naging bahagi na ng buhay ng mga tagasunod nito at dito na rin nila ibinabatay ang kanilang mga ikinikilos at ginagawa. May kani-kaniyang mga aral, doktrina at paniniwalang sinusunod.

Sa Asya, isinilang ang lahat ng pangunahing relihiyon sa mundo gaya ng Kristiyanismo, Hinduismo, Buddhismo, at Islam. Marami silang taga-sunod at malawak din ang teritoryong pinaglaganapan nila. Dahil maraming naranasang mapangwasak na kalamidad, pang-aapi ng kapwa, karalitaan at sakit ang mga asyano kung kaya't naghanap sila ng matibay na pananalig na magbibigay sa kanila ng kaligtasan at gagabay sa mga kilos at gawain nila. Ito ang sanhi kung bakit maraming relihiyong asyano.



Ang mga araling inihanda sa modyul na ito ay ang mga sumusunod:

Aralin 1: Ang mga Relihiyon sa Asya
Aralin 2: Mga Relihiyong Nagsimula sa India
Aralin 3: Mga Relihiyong Nagsimula sa Tsina
Aralin 4: Mga Relihiyong Nagsimula Malapit sa Silangang Asya



Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Maipaliliwanag ang mga doktrina ng mga pangunahing relihiyon sa Asya;
2. Matataya ang bahaging ginagampanan ng relihiyon sa halos lahat ng aspeto ng pamumuhay ng mga Asyano;

3 Mauuri ang iba't ibang pagkakahawig sa pinaniniwalaan ng mga relihiyon;
4 Masusuri ang simula at pagkalat ng mga relihiyon sa Asya;
5 Matatalakay ang iba't ibang adhikain ng mga relihiyon sa Asya; at
6 Malalaman ang mga pagkakaiba ng mga relihiyon sa Asya.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**Panimulang Pagsusulit**

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Siya ang tinaguriang Buddha o ang naliwanagan na nagtatag ng Buddhismo.
   A. Kutam Mohammad  C. Lao Tzu
   B. Siddharta Gautama  D. Abraham

2. Ang estado ng pagkawala sa tanikala ng reinkarnasyon at pakikiisa kay Brahman.
   A. Samsana  C. Dharma
   B. Moksha  D. Nirvana

3. Siya ang propeta ni Allah.
   A. Kutam Mohammad  C. Lao Tsu
   B. Siddharta Gautama  D. Abraham

4. Ito ay ang banal na aklat ng Hinduismo.
   A. Koran  C. Vedas
   B. Bibliya  D. Torah

5. Ang unang tao na nilikha ni Brahman ayon sa paniniwalang Hinduismo.
   A. Manu
   B. Abraham
   C. Adan
   D. Brahmin

6. Ang pagdarasal ng Muslim ng limang beses sa isang araw.
   A. Hajj
   B. Zakah
   C. Sawm
   D. Salat

7. Ito ang aklat na sinulat ni Lao Tzu na nagging sandigan ng Daoismo.
   A. Tao Te Ching
   B. Analect
   C. Ulpanishad
   D. Limang libro ng K'ing

8. Ang una sa apat na banal na katotohanan ayon kay Buddha.
   A. Ang sanhi ng pagdurusa ay paghahangad
   B. Ang buhay ay puno ng pagdurusa
   C. Maaring mawala ang pagdurusa
   D. Nawawala ang pagdurusa sa pamamagitan ng pagsunod sa walong tamang daan

9. Ang pangunahing paniniwala ng Jainismo na iba sa Hinduismo at Buddhismo.
   A. Ang mga Vedas ay hindi banal na aklat
   B. Ang Ahimsa o pagiging sagrado ng buhay
   C. Ang paggawa ng Dharma
   D. Ang Karma

10. Ang templong ginawa ni Abraham na kung saan naroroon ang itim na banal na bato at kung saan humaharap sa direksyon nito kapag nananalangin ang mga Muslim.
   A. Kaaba
   B. Altar
   C. Temlo ni Shiva
   D. Ang arko ng kasunduan

11. Ito ang ibinigay ng Diyos kay Moises sa bundok ng Sainai.

A. Kaaba
B. Ang Sampung Utos
C. Ang apat na banal na katotohanan
D. Ang Shahada

12. Ito ang tawag sa mga nagsulat ng buhay, turo at aral ni Hesus.

A. Jains
B. Abu Bakr
C. Apostoles
D. Evangelista

13. Ang tradisyonal na pagsamba ng mga Hapon sa kalikasan.

A. Jainismo
B. Buddhismo
C. Shintoismo
D. Daoismo

14. Ito ang kumentaryo sa batas na itinuturo sa pamamagitan ng bukambibig ng Hudaismo.

A. Ulpanishad
B. Talmud
C. Torah
D. Analect

15. Ang mga nagpalaganap ng Kristiyanismo sa Pilipinas.

A. Ang mga gurong Tomasinong amerikano
B. Ang mga prayleng Kastila
C. Ang mga sundalong Hapon
D. Ang mga mangangalakal na intsik

16. Siya ang nagsagawa ng sermon sa Benares.

A. Hesu-Kristo
B. Mohammad
C. Ismael
D. Buddha

17. “Anumang mabuti ay galing sa mabuti at anumang masama ay galing  sa masama” Ayon sa Hinduismo ano ito?

A. Batas ng Dharma
B. Batas ng Reinkarnasyon
C. Batas ng Karma
D. Batas ng Anatta

18. Sino ang nakakasakop sa Judea ng isilang si Hesus?

A. Mga Kastila
B. Mga Hapon
C. Mga Amerikano
D. Mga Romano

19. Ito ang dating lungsod ng Yathrib na tinaguriang lungsod ng kaharian ng propeta kung saan nagkubli si Mohammad sa mga taong gustong pumatay sa kanya.

A. Mecca
B. Medina
C. Judah
D. Jerusalem

20. Ito ang banal na kasulatan ng Shintoismo.


A. Tao te cheng
B. Analect
C. Kojiki
D. Shu K’ing

**ARALIN 1**

**MGA RELIHIYONG NAGSIMULA SA ASYA**



Sa araling ito susuriin natin ang mga relihiyong nagmula sa Asya. Ang mga relihiyong ito ay ang Hinduismo, Buddhismo at Jainismo na nagmula sa India; ang Hudaismo, Kristiyanismo at Islam na nagmula naman sa malapit na silangang asya; at Confucianismo, Daoismo at Shinto na nagmula naman sa Tsina at Hapon.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maipaliliwanag ang mga doktrina ng mga pangunahing relihiyon sa Asya;
2. Matataya ang bahaging ginagampanan ng relihiyon sa halos lahat ng aspeto ng pamumuhay ng mga asyano; at
3. Matatalakay ang iba't ibang adhikain ng mga relihiyon sa Asya.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

**Gawain A**: Tukuyin ang mga sumusunod. Piliin sa ibaba ang tamang sagot.

1. Ang tawag sa pagdarasal ng mga Muslim ng 5 beses sa isang araw na nakaharap sa Mecca. ____________________________________________
2. Ang paglilipat-lipat ng kaluluwa sa iba't ibang anyo. ____________________
3. Ang tawag sa Ganap na Kaluwalhatian. ______________________________
4. Tawag sa Bagong Taon ng mga Hudyo. _____________________________
5. Ang bibliya ng Taoismo. __________________________________________

**(Samsana, Nirvana, Rash Hashona, Tao Te Ching, Zakah, Salat)**

**Gawain B:** Hanapin ang mga relihiyong nagmula sa Asya sa pamamagitan ng pagbilog sa mga titIk upang mabuo ang mga pangalan nito sa ibaba:

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| K | M | O | S | I | S | I | M | O | S | M | O | O | T | B |
| I | R | W | R | Y | Y | U | K | I | S | L | A | M | G | U |
| S | O | I | K | T | D | T | J | K | I | M | G | S | F | D |
| M | M | G | S | L | S | G | M | J | G | N | H | I | S | D |
| O | S | D | I | T | H | B | N | H | M | B | I | N | D | H |
| W | I | S | O | M | I | Y | G | U | O | H | H | I | D | I |
| E | N | Q | T | G | N | A | I | D | X | U | S | A | H | S |
| S | A | W | F | D | T | D | N | A | W | Y | O | J | J | M |
| C | I | R | G | C | O | W | D | I | Q | I | M | R | K | O |
| I | C | T | J | V | O | X | S | S | S | T | Z | E | L | H |
| M | U | Y | L | B | T | C | O | M | R | M | D | S | W | K |
| V | F | U | T | B | N | I | O | O | E | R | O | C | I | L |
| O | N | N | N | M | D | S | F | H | D | E | W | G | S | M |
| S | O | G | M | O | H | M | J | F | F | D | A | B | M | N |
| D | C | O | N | F | U | C | I | A | N | I | S | M | O | E |

Ang mga dakilang relihiyon sa mundo ay maaring hatiin sa tatlong grupo ng tatlo. Ang una ay ang relihiyong nag-ugat sa India, ito ay ang Hinduismo, Buddhismo, at Jainismo. Ang ikalawang grupo ay nagmula naman sa Tsina o Japan, ito ay ang Confucianismo, Taoismo, at Shintoismo. Ang ikatlong grupo ay ang mga relihiyong nagmula sa Gitnang Silangan, ito ay ang Hudaismo, Kristiyanismo at Islam.


Idagdag pa rito ang iba pang mga pananampalataya, yong iba makaluma at yong iba bagong sibol, na amlgamasyon ng Hinduismo at Islam, ng Buddhismo at Kristiyanismo, ng Buddhismo at Confucianismo at marami pang kumbinasyon ng mga prinsipal na grupo. Nang lumipas na tatlong siglo, ang mga pananampalataya at sekta

ay dumami. Sa kasalukuyang panahon ang mga sekta at pananampalatayang ito ay nagsasamasama kaysa sa naghihiwalay-walay sa iba't-ibang sekta.

Ang Hinduismo ay walang kinikilalang iisang indibidwal na tagapagtatag, samantalang si Sidharta Gautama o Buddha ang nagtatag ng Buddhismo at si Mahavira naman ang nagtatag sa Jainismo. Si Abraham ang kinikilalang tagapagtatag ng Hudaismo, samantalang si Hesu-Kristo ang nagtatag sa Kristyanismo at si Kutam Mohammed naman ang nagtatag sa Islam. Ang Confucianismo ay itinatag ni Kung Fu Tsu o Confucius at si Lao Tzu naman ang nagtatag ng Taoismo at wala namang kinikilalang tagapagtatag ang Shintoismo.

Ang mga relihiyon na nagmula sa India ay may karakter na pilosopikal, panloob at sumasaliksik sa natura ng realidad. Ang mga relihiyon namang nagmula sa Gitnang Silangan ay may pagka moralista; at naniniwala sa relasyong tao at Diyos, sa kaligtasan at pagiging optimistiko.

Ang prinsipal na relihiyon sa Asya ay Hinduismo, Islam at Buddhismo, samantalang ang ibang relihiyon o sektang di-gaanong laganap ay ang Sikhs, Parsis at Jains sa India. Ang Islam ay ang pangunahing relihiyon sa Timog Silangang Asya, Indonesia, Pakistan, Bangladesh, Malaysia at Afghanistan. Ang Hinduismo naman ay laganap sa India samantalang ang Buddhismo ay laganap naman sa Burma, Thailand, Laos, Cambodia, Sri Lanka at Japan. Sa Tibet at Bhutan ay laganap ang sektang Tibetang Buddhismo. May minoridad na Islam naman sa Pilipinas, India at Gitnang Asya. Laganap ang Taoismo at Confucianismo sa China. Ang iba pang relihiyon sa Asya ay Shintoismo, isang tradisyonal na pagsamba sa kalikasan sa Japan; Protestantismo at Katoliko Romano sa Pilipinas




**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Gawain A:Itapat ang Hanay A sa Hanay B. titik lamang ang isulat.

| A | B |
|---|---|
| 1.Hudaismo | a. Confucius |
| 2.Taoismo | b. Siddharta Gautama |
| 3.Kristiyanismo | c. Lao Tzu |
| 4.Buddhismo | d. Hesukristo |
| 5.Islam | e. Abraham |
| | f. Muhammad |

Gawain B: Ilagay sa patlang ang mga bansa sa Asya kung saan matatagpuan ang mga sinasaad na relihiyon.

| Buddhismo | Islam |
|---|---|
| ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ |
| ____________________ | ____________________ |



**Tandaan Mo!**

- Ang prinsipal na relihiyon sa Asya ay Hinduismo, Islam at Buddhismo, samantalang ang ibang relihiyon o sektang di-gaanong laganap ay ang Sikhs, Parsis at Jains sa India. Ang Kristiyanismo naman ay laganap sa Pilipinas.
- Ang Hinduismo ay walang kinikilalang iisang indibidwal na tagapagtatag, samantalang si Sidharta Gautama o Buddha ang nagtatag ng Buddhismo at si Mahavira naman ang nagtatag sa Jainismo.
- Si Abraham ang kinikilalang tagapagtatag ng Hudaismo, samantalang si Hesu-Kristo ang nagtatag sa Kristyanismo at si Kutam Mohammed naman ang nagtatag sa Islam.
- Ang Confucianismo ay nagmula sa turo ni Kung Fu Tsu o Confucius si Lao Tzu naman ang sinimulan ng Taoismo. Ang Shintoismo ay nagmula sa paggalang ng mga hapon sa kalikasan
- Ang mga relihiyon na nagmula sa India ay may karakter na pilosopikal, panloob at sumasaliksik sa natura ng realidad.
- Ang mga relihiyon namang nagmula sa Gitnang Silangan ay may pagka moralista; at naniniwala sa relasyong tao at Diyos, sa kaligtasan at pagiging optimistiko.



**Gawain 3: Paglalapat**

Gawain A: Isulat kung ang mga sumusunod ay may kaugnayan sa Hinduismo, Buddhismo, Islam, Kristiyanismo, Taoismo, o Confucianismo

1. Apat na Katotohanan ng Buhay
2. Vedas
3. Ramadan
4. Gintong Aral

5. Tipitaka
6. Synagogue
7. 10 utos ng Diyos
8. Wu Wei
9. Shahadah
10. Yum Kippur

Gawain B: Isulat ang tatlong pakinabang ng tao sa pagkakaroon ng relihiyon


1.________________________________________
2.________________________________________
3.________________________________________

**ARALIN 2**

**MGA RELIHIYONG NAGSIMULA SA INDIA**



Sa araling ito tatalakayin ang Hinduismo, Buddhismo at Jainismo- mga relihiyong nagmula sa India. Mapapansin mo na ang mga relihiyong ito ay may mga paniniwalang magkakapareho. Makikilala mo rin si Buddha at Mahavira na nagtatag ng kanilang relihiyon dahil sa paghahanap nila ng kaliwanagan na hindi natugunan ng Hinduismo.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Naipapaliwanag ang mga doktrina ng mga relihiyon sa India
2. Nauuri ang iba't ibang pagkakahawig sa pinaniniwalaan ng mga relihiyon
3. Nalalaman ang mga pagkakaiba ng mga relihiyon sa na nagmula sa India
4. Natutukoy ang mga mahahalagang personalidad at aklat ng mga relihiyong nagmula sa India



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

A. Panuto: Sagutin ang mga katanungan sa ibaba.

1. Bakit hindi kumakain ng mga baka ang mga Hindu? ______________________
   ________________________________________________________________________
   ________________________________________________________________________
   ________________________________________________________________________

2. Ano ang maaaring maging epekto nito sa kanilang kabuhayan? ____________
   ________________________________________________________________________
   ________________________________________________________________________
   ________________________________________________________________________

3. Para sa iyo, maganda ba ang sistemang Caste? Bakit? ___________________
   ________________________________________________________________________
   ________________________________________________________________________
   ________________________________________________________________________

B: Sagutin ang mga sumusunod:

1. Sino ang Diyos na tagapaglikha ayon sa Hinduismo?_________________________
2. Ano ang tawag sa caste na kinabibilangan ng mga mangagawa?
   ________________________________________________________________________
3. Sino ang unang tao ayon sa Hinduismo?____________________________________
4. Ano ang tunay na pangalan ni Buddha?_____________________________________
5. Sino ang nagtatag ng Jainismo?___________________________________________

## ANG MGA RELIHIYONG NAGSIMULA SA INDIA

### 1. Hinduismo

Ang India ay nagdaan sa estado ng matinding relihiyosong pagkilos sa nakaraang melinyo. At ang relihiyon ng India, ang Hinduismo, ay nagpakita ng extra-ordinaryong pasensya sa ibang pananampalataya na dinala sa bansa, kung saan ang Hinduismo ay naimpluwensiyahan. Kaya ang ibang eskolar na Hindu ay ipinalalagay na ito ay isang " pagkakapatiran ng pananampalataya"

Sa lipunang Hindu- doon sa mga sumusunod sa Hinduismo, Budismo at Jainismo- pinaniniwalaang ang tao ay lumabas sa eksena ng mundo sa hindi matantong punto ng panahon. Ang mga Hindu ay isinasaalang-alang ang mundo bilang bahagi ng walang simula at walang katapusang proseso na sumusunod sa siglo na tinaguriang "araw ni Brahma." Bawat araw ni Brahma ay nagtatagal ng apat at kalahating bilyong taon.

Ang sentral na paniniwala ng Hinduismo ay ang pagkakaroon ng isang unibersal na espiritu, o walang hangang essensya, walang simula at walang hangan, na tinatawag na Brahman; na ang ibig sabihin ay ang mundong-kaluluwa. Ito ay ang tatlo sa iisang diyos, na tinatawag na Trimutri. Si Brahman ay si Brahma-ang tagapaglikha; si Vishnu- ang tagapagpanatili; at si Shiva- ang taga sira. Hindi sila magkakahiwalay kundi ibat-ibang aspeto at manipestasyon ng iisang banal na kaisahan. Ang mga Hindu ay naniniwala na ang Trimutri ay patuloy na naglilikha at nagbabago sa mundo, na sa katapusan ng bawat siglo ng "araw ni Brahma", ang lumang mundo ay sinisira ni Shiva, si Brama naman ay lumilikha ng panibagong mundo at si Vishnu ay nagpapakita sa mundo sa iba't-ibang anyo upang panatilihin ang mundo at gabayan ang mga tao.

Isa sa pinakamahalagang bahagi ng Hinduismo ang Sistemang Caste o ang pag-uuri-uri ng mga tao sa India batay sa propesyon o tungkulin. Ang sistemang caste ay binubuo ng mga:

*Brahmin* – mga pari at pantas

*Vaishyas* – mga namumuno at mandirigma

*Sudras*- mga alipin at manggagawa

Ang “Untouchables o Outcasts” naman ay ang tawag sa mga taong di kabilang sa alinmang pangkat at gumagawa ng pinakamababang uri ng gawain. Bawat pangkat ay may kani-kaniyang patakaran at kaasalang sinusunod.

Ang Hinduismo ay ang tanging relihiyon na naniniwala sa sistemang caste. Ayon sa kanilang paniniwala si Brahma ay naglikha ng unang tao na pinangalanang Manu. Mula sa ulo ni Manu ay nagmula ang mga pinakamagaling at pinakabanal na tao na tinawag na Brahmin. Mula naman sa kamay ni Manu ang mga mananakop at mandirigma na tinawag na Ksatriyas. Sa binti ni manu ay lumabas ang mga mangagawa sa mundo na tinawag na Vaisyas. At sa paa ni Manu ay nagmula ang iba pang tao na tinawag na Sudras. Kung ganoon si Brahma na tagapaglikha ang siyang nagtalaga ng apat na caste ng tao.

Ang Hinduismo ay naniniwala na ang tao ay hindi namamatay kundi nagkakaroon ng reinkarnasyon sa mga susunod na generasyon, kung saan ang kaluluwa ay palipat-lipat ng katawan o “Samsana” dala-dala ang gatimpala o parusa ng nakaraan nyang buhay, ayon sa batas ng Karma. Ang kaluluwa ay nalilinis at nagiging dalisay sa paggawa ng kabutihan hangang ito ay makawala sa tanikala ng reinkarnasyon ng katawan at ang kaluluwa ay makakaisa ni Brahman sa habang panahon sa estado na tinatawag na Nirvana. Upang matulungang makamit ang Nirvana may disiplinang nabuo ng sa gayon ay mapatindi ang konsentrasyon sa paghahangad na matularan si Brahman. Ang disiplinang Ito ay ang tinaguriang Yoga. Liban dito may batas ding dapat sundin upang madiskobre ng isang indibidwal ang kanyang sarili. Ito ay ang batas ng moral na kaayusan o Dharma.

Pag-aralan mo sa talahanayan ang iba’t-ibang aspeto ng pananampalatayang Hinduismo.

| Nagtatag / Bansa | Diyos | Banal na Aklat | Doktrina / Paniniwala |
| --- | --- | --- | --- |
| Mga Aryan – India | Indira Vayu<br>Rudra<br>Aqui<br>Surya<br><br>Brahma – Tagalikha<br>Vishnu – Tagapanatili<br>Siva – Tagasira | Vedas<br>Rigueda<br>Samaveda<br><br><br>Yajurueda<br>Atharveda | Reincarnation – muling pagkabuhay<br><br>Karma – ganti ng tadhana<br><br>Samsana – paglipat-lipat ng kaluluwa sa iba't ibang anyo<br><br>Nirvana – ganap na kalulwatihan<br>- hindi kumakain ng baka<br>- naniniwala sa yoga |

Upang higit na maunawaan ang Hinduismo, ating ilatag ang buod ng mga pinaniniwalaan ng mga Hindu.

Ang iba't-ibang sekta ng Hinduismo ay may kanya-kanyang pinaniniwalaan, subalit karamihan sa kanila ay naniniwala sa mga sumusunod:

1. *Brahman*, ang eternal na Trimutri o tatlo sa iisang Diyos: si Brahma- ang manlilikha; si Vishnu- ang tagapagpanatili; at si Shiva- ang taga sira
2. *Ang sistemang Caste*- ito ay naitadhana ng batas ni Manu, mula sa kapanganakan ang tao ay may itinadhana ng pwesto at tungkulin sa lipunan:

Brahmin – mga pari at pantas;Vaishyas – mga namumuno at mandirigma; Sudras- mga alipin at manggagawa

3. *Ang batas ng Karma*- na mula sa mabuti ang mabuti at sa masama ang masama
4. *Reinkarnasyon*- ang kadena ng muling pagsilang kung saan ang bawat kaluluwa ay maaring umangat ng estado sa pamamagitan ng mabuting pamumuhay
5. *Nirvana*- ang huling antas na maaabot kung saan ang kaluluwa ay napapalaya sa kadena ng muling pagsilang
6. *Yogas*- ang disiplinang kung saan ang individual ay nakokontrol ang katawan at emosyon
7. *Dharma*- ang batas ng moral na kaayusan, kung saan ang indibidwal ay dapat sumunod upang marating ang Nirvana

**2. Buddhismo**

Ang Buddismo ay sumibol ng mga 2500 taon nang nakakaraan sa India sa panahong ang mga tao ay may malalim ng pagkabagot sa Hinduismo dahil sa paglaganap ng sistemang caste at lumalaking bilang ng mga *outcastes*. Nawalan ang mga tao ng tiwala sa reinkarnasyon. Nakita nila ang kanilang kapalaran bilang isang malungkot at mahabang proseso ng reinkarnasyon na nakawawala ng pag-asa. Kaya marami sa kanila ang tumalikod at nanampalataya sa mga hayop.

Sa panahong ito, taong 563 B.C., isinilang si Buddha, anak ng haring Suddhodhana at reynang Maya sa kaharian ng Sakyas sa kanlurang India. Siddhartha Gautama ang ipinangalan sa batang magiging si Buddha. Bilang isang prinsipe siya'y lumaki sa tradisyon ng Hinduismo at nakapag-asawa na napapalibutan ng kagandahan at karangyaan.

Isang araw, matapos magkaroon siya ng anak na lalaki, si prinsipe Gautama ay naharap sa apat na pangyayari na nakapagbago sa kanyang buhay. Ang una ay nakakita siya ng isang tao na nakasalagmak sa lupa at namimilipit sa sakit. Ang ikalawa

ay nakakita siya ng isang matandang lalaki, nakukuba na ang likod, nanginginig ang mga kamay at hirap ng lumakad. Ang ikatlo ay nakakita siya ng taong ililibing na kung saan ang mga naulila ay nag iiyakan. Ang ika-apat ay nakakita siya ng isang manlilimos na monghe, payapa at tahimik na nagpapalimos ng kanyang makakain. Dahil sa mga nakita ni Siddharta, iniwan nya ang asawa't anak at naging monghe upang mapag-isipan nya ng husto ang kondisyon ng tao, ng sakit, ng pagtanda at ng kamatayan. Ang gabing iniwan nya ang lahat upang hanapin ang kaliwanagan ay tinaguriang " gabi ng dakilang Renunsasyon."

Nagpalaboy-laboy ang prinsipe bilang isang manlilimos na monghe hangang sa isang araw sa lilim ng isang puno habang nagninilay ipinangako niya sa sarili na di siya aalis sa lugar na iyon hangang di niya nakukuha ang kasagutan at ang karunungang kanyang inaasam. Nagpatuloy siya sa kanyang meditasyon hangang sa maunawaan nya ang unang batas ng buhay na*," mula sa mabuti kailangang magmula sa mabuti at sa masama ay kailangang magmula ang masama. Ito ang susi sa karunungan".* Alam ni Siddhartha Gautama na hindi bago ito sapagkat ito ang batas ng Karma ng Hinduismo, subalit iba naman ang konklusyon na hinugot niya mula rito.


Mula sa ilalim ng puno pumunta siya sa lalawigan ng Banares, nangalap ng mga monghe at tagasunod at nangaral ng una nyang sermon na tinaguriang "Ang sermon sa Banares". Nang matapos syang mangaral tinagurian na syang "ang naliwanagan o ang nagising" o Buddha ng kanyang mga tagapakinig at tagasunod. Nag-organisa si Buddha ng misyon ng pagtuturo sa buong India at lahat ng makarinig sa kanya na nawalang gana na sa tradisyonal na relihiyon ay naging tagasunod nya.

Nang mamatay si Buddha, sa edad na walungpu, ang Buddhismo ay nagkaugat na at naging epektibong pwersang moral sa India. Kahit pa nagkaroon ng reporma sa Hinduismo na nakabawas sa impluensya ng Buddismo sa India, ito naman hindi nakapigil sa Buddhismo dahil ito ay naikalat na ng tagasunod kay Buddha sa Ceylon, Burma, Thailand, China, Korea, Tibet at Japan.,

| Nagtatag / Bansa | Diyos | Banal na Aklat | Doktrina / Paniniwala |
|---|---|---|---|
| Siddharta Gautama o Buddha | Buddha, “Ang Naliwanagan” | Tipitaka | Nirvana – Ganap na Kalulwatihan<br><br>- malinis na pamumuhay at paggalang sa lahat ng bagay<br>- 8 Tamang Landas ng buhay (Pananaw, pagpapasya, salita, asal, hanap-buhay, pagsisikap, paggunita, pagmumuni) |

Ang pangunahing pananampalataya ng Buddismo sa kasalukuyan ay bumabalik sa matalinong prinsipe ng Sakyas at ang simula ng kanyang pagkilala sa apat na dakilang katotohanan.

## Ang Apat na Dakilang Katotohanan ng Buhay ayon kay Buddha




Ang unang dakilang katotohanan ay ang katotohanang, "ang buhay ay puno ng pagdurusa." Ang ikalawa ay ang katotohanang, "ang pagdurusa ay nagmumula sa pagnanasa." Ang ikatlo ay ang katotohanang, "ang pagdurusa ay maaring mawala sa pamamagitan ng pagwaksi ng pagnanasa" at ang ikaapat na katotohanan ay "ang pagnanasa ay maaring iwaksi sa pamamagitan ng pagsunod sa walong tamang landas ng buhay." Kapag naiwaksi na ang paghahangad at pagnanasa mawawala na rin ang pagdurusa.

Matutunghayan mo sa ibaba kung anu-ano ang walong tamang landas ng buhay.

### Ang Walong Tamang Landas ng Buhay

1. *Tamang paniniwala*- ang katotohanan ay ang gabay ng tao
2. *Tamang disposisyon/resolve*-laging maging kalmado at huwag mananakit ng kahit anong may buhay
3. *Tamang pananalita*-huwag magsisinungaling,magmumura o gagamit ng masamang pananalita

4. *Tamang pag-uugali*-huwag magnanakaw, papatay, gagawa ng anumang pagsisisihan o ikakahiya
5. *Tamang trabaho*- huwag pipili ng trabahong masama
6. *Tamang pagpupunyagi*- laging magtiyaga para sa kabutihan at iwasan ang anumang kasamaan
7. *Tamang kontemplasyon*- ng apat na dalisay na katotohanan
8. *Tamang konsentrasyon*-ay susunod na upang ituro ang daan tungo sa perpektong kapayapaan

Ang mga hindi naman maaring magkamaling gabay tungo sa perpektong kapayapaan ay ang sampung kautusan at sampung perpeksyon ng Buddismo.

**Ang Sampung Kautusan ng Budismo**

1. Huwag sisira ng buhay
2. Huwag kukunin ang anumang hindi binibigay
3. Huwag mangangalunya
4. Huwag magsisinungaling o manloloko ng iba
5. Huwag maglalasing
6. Kumain ng katamtaman at huwag kakain sa hapon
7. Huwag manonood ng sayaw o makikinig sa kanta o dula
8. Huwag magsusuot ng bulaklak na kwintas, pabango o anumang borloloy
9. Huwag matutulog sa mamahaling kama
10. Huwag tatangap ng ginto o pilak

**Ang Sampung Perpeksyon sa Budismo**

1. Pagbibigay- ang pagbibigay na walang pasubali
2. Tungkulin- ang pagtupad sa tungkulin
3. Pagtatangi-ang pagwawalang bahala sa mundo
4. Panloob na kaalaman/Insight- ang pagsaliksik ng karunungan
5. Katapangan-ang pagiging matatag at matapang
6. Pasensya- ang pagtangap ng maluwag sa loob

7. Katotohanan-ang pananatili sa tamang daan
8. Resolusyon-ang pagkakaroon ng paninindigan
9. Mapagmahal na kabaitan-ang pagmamahal sa kaibigan o sa kaaway man
10. Serenidad- ang pagiging payapa

Upang higit na maunawaan ang Buddhismo ating ilatag ang mga pinaniniwalaan nito. Ito ay ang mga sumusunod:

1. Sa kabutihan ay kailangan magmula ang kabutihan
2. Ang dasal at alay sa mga diyos ay walang saysay. Tanging ang pag unawa sa walong tamang daan sa buhay, ang pagsasakatuparan ng sampung kautusan at ng sampung perpeksyon ang daan tungo sa tunay na karunungan
3. Ang Vedas ay hindi mga banal na aklat dahil itinuturo nito na ang tao ay dapat magdasal at mag-alay
4. Ang mundo ay dati na at lagging mamamalagi
5. Hindi nilikha ni Brama ang tao sa isang caste mula kay Manu. Mayroon at lagging magkakaroong ng dalawang uri lamang ng tao: ang mga mabubuti at ang masasama
6. Ang saysay ng buhay ay hindi kaligayahan kundi ang katapusan ng indibidwal na eksistensya kundi ang ang pagsasagawa ng sampung perpeksyon
7. Ang sinumang magkaroon ng perpektong karunungan ay papasok sa Nirvana at para sa kanya ang kadena ng reinkarnasyon ay napuputol na

**3. Jainismo**

Habang si Buddha ay nabubuhay at nagtatayo ng bagong relihiyon, may isa pang guro na nagturo laban sa sistemang caste sa India at nangarap ng reporma sa Hinduismo. Siya si prinsipe Varhhamana, anak ng haring Sreyama at reynang Trisala ng kahariang Magadah sa norte ng India. Ang prinsipe ay nakilala bilang si Mahavira, na ang ibig sabihin ay ang dakilang bayani.

Si Mahavira ay nagtatag ng bagong relihiyon na kinilalang Jainismo: ang relihiyon ng mga mananakop. Ang mga Jains ay hindi nagturo ng pananakop ng iba kundi ang pagsakop sa kanilang mga sarili. Ang kanilang guro ay tinuruan sila na nasa loob nila ang kanilang kaligtasan.

Katulad ni Buddha, tinangap ni Mahavira ang batas ng Hinduismo sa karma na nagsasaad na mula sa mabuti ay mabuti at mula sa masama ay masama.

Katulad din ni Buddha, tinangap ni Mahavira ang paniniwala sa reinkarnasyon at ang huling hantungan na pagkalas sa tanikala nito na tinaguriang Nirvana.

Subalit naghiwalay si Buddha at Mahavira sa Hinduismo ng pareho nilang itakwil ang pagiging sagrado ng sistemang caste; ang kaligtasan na nagmumula sa dasal; at ang ng lubusang katotohanan ng mga Vedas o banal na mga aklat.

Nag kaiba naman ang dalawa ng piliin ni Buddha ang Gitnang Daan o moderasyon at piliin naman ni Mahavira ang asetisismo.

Naniniwala si Mahavira na ang mabuting buhay ay maisasakatuparan lamang sa pagtangi sa sarili, na ang kaluluwa ng tao ay eternal, na ito ay lagi na at lagi pang mananatili, subalit hindi nya sinangayunan ang paniniwala ni Buddha na ang kaluluwa ng tao ay bahagi ng Mundong-Kaluluwa. Itinuro niya na ang kaluluwa ng tao ay indibidwal, kaya ang tao ay dapat sakupin ang kanyang sarili. Magagawa niya ito sa pamamagitan ng pagtangi sa sarili, asetisismo, pagwaksi sa paghahangad at ambisyon sa mga bagay na di naman totoo. Kapag nasakop mo na ang sarili, ayon kay Mahavira, ay nasakop mo na ang lahat

Ang konsiderasyon sa lahat ng bagay na buhay ay buod at sentro ng paniniwala ni Mahavira at ng kanyang turo. Tinagurian nya itong AHIMSA, ibig sabihin kawalan ng pananakit na nagbibigay dangal sa buhay at lahat ng may buhay.

Isinaayos ni Mahavira ang kahihinatnan ng Ahimsa sa isang doktrina. Itinuro niya na ang kaluluwa ay nalilinis at nagiging magaan kapag sumusunod ito sa banal na batas ng buhay. Kapag ang kaluluwa ay naging napakagaan na, umaakyat ito sa mas mataas pa sa ikadalawamput-anim na langit hangang sa makarating sa Nirvana. Samantalang ang makasalanang kaluluwa ay nahuhulog sa impiyerno, at kung napakalaki at napakarami ng kasalanan nito, ito ay babaksak sa ikapitong impiyerno.


Itinuro ni Mahavira ang doktrina sa mga tao ng tatlumpung taon. Matapos mamatay si Mahavira, ang mga disipulo nya ay inipon ang kanyang sermon sa apatnaput anim na libro na tinawag na AGAMAS at ito ang nagging banal na aklat ng Jainismo.

Maibubuod natin ang paniniwala ng mga Jains sa pamamagitan ng limang kautusan para sa kaluluwa na ibinigay ni Mahavira. Ito ay ang mga sumusunod:

1. Huwag kang papatay ng anumang may buhay; huwag mananakit ng anumang may buhay sa salita, sa isip at gawa kahit pa ito ay dahil sa pagtatangol sa sarili;
2. Huwag kang magnanakaw;
3. Huwag magsisinungaling;
4. Huwag mamuhay ng hindi malinis na pamumuhay. Huwag maglalasing
5. Huwag maghahangad o magnanasa ng anu pa man.

Ang Nirvana ayon sa mga Jains ay makakamit sa pamamagitan ng tatlong hiyas ng kaluluwa. Ang mga ito ay ang tamang kumbiksyon, tamang karunungan at tamang pag-uugali.

Ang turo ni Mahavira ay hindi nagkaroon ng ugat sa labas ng India. Kahit sa India hindi ito naging matagumpay at sa ngayon ay papaunti na ang mga tagasunod nito. May natitira na lamang sa India ng mahigit kumulang ng isa't kalahating milyong Jains sa kasalukuyan



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Gawain A: Isaayos ang mga ginulong letra batay sa tinutukoy sa ibaba.

1. A N S M A A S - Paglilipat-lipat ng kaluluwa sa iba't ibang anyo

2. H B A R M A - Ang Creator o Tagapaglalang

3. NARAY - Nagtatag ng Hinduismo

4. AMKAR - Ganti ng tadhana

5. URSDUS - Mga alipin at manggagawa

6. HBRIMAN - Mga pari at pantas

Gawain B: Isulat kung tama o mali ang mga sumusunod:

________1. Ang Jainismo ay ang pinakamalaging relihiyon sa India

________2. Sa kamay ni Manu nagmula ang mga Brahmin

________3. Ang unang banal na katotohanan ayon sa Buddismo ay ang buhay ay puno ng pagdurusa

________4. Ang Nirvana ay ang pagkawala sa tanikala ng reinkarnasyon

________5. Si Vishnu ay ang diyos ng pagkasira



**Tandaan Mo!**

- Ang sentral na paniniwala ng Hinduismo ay ang pagkakaroon ng isang unibersal na espiritu, o walang hangang esensya, walang simula at walang hangan, na tinatawag na Brahman.
- Ang pangunahing pananampalataya ng Buddismo ay pagkilala sa apat na dakilang katotohanan.
- Ang konsiderasyon sa lahat ng bagay na buhay ay buod at sentro ng paniniwala ni Mahavira at ng Jainismo. Tinagurian itong AHIMSA, ibig sabihin kawalan ng pananakit na nagbibigay dangal sa buhay at lahat ng may buhay.



**Gawain 3: Paglalapat**

Gawain A: Tukuyin ang mga sumusunod.

1. Banal na aklat ng Buddhismo_________________
2. Ang kilala sa tawag na "Ang Naliwanagan"________________
3. Ang sanhi ng pagdurusa at paghihirap ng tao__________________
4. Tunay na pangalan ni Buddha___________________
5. Ang Ganap na Kaluwalhatian____________________

Gawain B: Ilatag ang positibo at negatibong epekto sa lipunan ng pagkakaroon ng sistemang caste.

Positibo: 1.__________________________________________
2.__________________________________________
3.__________________________________________


Negatibo: 1..__________________________________________
2.__________________________________________
3.__________________________________________

**ARALIN 3**

**MGA RELIHIYONG NAGSIMULA SA MALAPIT NA SILANGAN**



Tatalakayin sa araling ito ang mga katangian ng relihiyong Hudaismo, Kristiyanismo at Islam. Matatandaang ang Hudaismo ay ang relihiyong nagmula kay Abraham, na pinagpipitagan din ng Kristiyanismo at Islam. Ang kristiyanismo ay itinatag ni Hesus at ang Islam naman ay itinatag ni Mohammad.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maipaliliwanag ang mga pangunahing pinaniniwalaan ng mga relihiyong nagsimula sa malapit na silangang Asya;
2. Mauuri ang iba't ibang pagkakahawig sa pinaniniwalaan ng mga relihiyong ito; at
3. Malalaman ang mga pagkakaiba ng mga relihiyong ito.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Direksyon: mag-isip ng mga salitang may kaugnayan sa Kristiyanismo na nagsisimula sa mga titik na ito:

K- ______________________________

R- ______________________________

I - ______________________________

S- ______________________________

T- ______________________________

I - ______________________________

Y- ______________________________

A - ______________________________

N- ______________________________

I - ______________________________

S- ______________________________

M- ______________________________

O- ______________________________

## MGA RELIHIYONG NAGSIMULA SA MALAPIT NA SILANGAN

### 1. Hudaismo

Ito ang pinakamatandang relihiyon na naniniwala sa iisang Diyos. Ang pook-tagpuan ng pagdarasal ay ang Synagogue at Rabbi naman ang tawag sa kanilang pinuno na nag-aaral sa mga aral upang ituro naman sa mga tao. Kosher ang tawag nila sa pagsunod sa nararapat na pagkain ng mga Hudyo.

Ayon kay Philo ng Alexandria ( 20 B.C.- A.D. 50), ang Hudaismo ay may limang pangunahing konsepto at paniniwala. Ito ay ang mga sumusunod:

1. Ang paniniwala sa Diyos;
2. Ang paniniwala na mayroon lang iisang Diyos;
3. Ang paniniwalang ang Diyos ang may likha ng mundo; at ang mundo ay may katapusan;
4. Ang paniniwala na mayroon lang iisang kalawakan o sanlibutan;
5. Ang paniniwalang ang Diyos ay nagmamahal sa mundo at lahat ng nilikha dito

Sa mga buhay na relihiyon, ang Hudaismo, kahit ito pa ang nagsilang sa dalawa pang relihiyon, ang Kristiyanismo at Islam, ay nanatiling maliit sa paglipas ng mga daang siglo.

Ang limitadong paglago ng Hudaismo ay matutunton sa kasaysayan ng kanyang simula. Kahit na ang paniniwala ng Hudaismo ay katulad ng pangkalahatang relihiyon, ang kasaysayan nito ay nakaugat lamang sa iisang grupong nasyonal- mga Hebreo o Israel sa kasalukuyan, na may iisang linguahe at may iisang lupang tinubuan.

Ang Hudaismo ay naitalang nagsimula noong apat na libong taon nang nakaraan sa isang chaldean na nagngangalang Abram o Abraham. Si Abram ay tumalikod sa nakagisnang paniniwala ng mga chaldean sa maraming diyos at imahen at naniwala na mayroon lang iisang Diyos na may likha ng lahat, na naghahari sa langit at lupa.

Ayon sa kwento, ang Diyos ay nag utos kay Abram na iwanan ang kanyang bansa at dalhin ang buong sambahayan niya patungo sa lupang pangako, ang Canaan, at doon itatatag ng Diyos ang isang nasyon mula sa kanyang mga supling.

Nang matanda ni si Abram ay nakipagkasundo ang Diyos sa kanya na tinaguriang “walang hangang tipan” kung saan ang Diyos ay ipinangako ang Canaan bilang pag-aari ng lahat na henerasyong magmumula kay Abraham at ang kapalit nito ay ang Diyos lamang ang kanilang magiging Diyos. Upang gawing sagrado ang tipanan sinimulan ang ritual ng serkumsisyon na hangang ngayon ay isinasagawa pa ng lahat ng mga angkan ni Abraham. Ang mga sumunod na pangyayari ay maibubuod natin sa maikling kasaysayan, na kapag ang mga angkan ni Abraham ay hindi nagiging tapat sa kasunduan sila ay dumaranas ng kahirapan at parusa bagay na nag-uudyok sa mga hebreo na magbalik loob sa Diyos at maging tapat sa kasunduan, ang Diyos naman ay magpapatawad at ililigtas ang kanyang bayan.

Mga apat na daang taon pagkatapos ni Abraham, ang kanyang kaapo-apuhang si Moises ay namuno upang palayain ang mga Hebreo sa pagkaalipin sa kamay ng Ehipto. Dito napatatag ng husto ang paniniwala ng mga Hebreo sa iisang Diyos at pagkilala sa kasunduan ng Diyos at ng kanilang amang si Abraham. Ibinigay din sa mga Hebreo, sa may bundok Sainai, ang sampung utos ng Diyos na naging sentro ng mga batas na Hebreo.

Karamihan sa kasaysayan ng bayang Hebreo at paniniwala ng Hudaismo ay matatagpuan sa Lumang Tipan. Ang mga aral naman na bukambibig at mga kumentaryo sa kanilang paniniwala ay matatagpuan sa Talmud.

| Nagtatag / Bansa | Diyos | Banal na Aklat | Doktrina / Paniniwala |
|---|---|---|---|
| Abraham / Israel | Yahweh | Torah (Genesis, Exodo, Levitico) Talmud | **Passover** – pag-alaala sa Exodus<br>**Sabbath** – araw ng pagsamba<br>**Yom Kippur** – Araw na Katubusan<br>**Rash Hashona** – Bagong taon<br>**Sukkot** – Pag-aani<br>**Purim**- Pagkakaligtas mula sa kamay ng mga Persyano |

Ang mga paniniwala ng Hudaismo ay dumaan sa maraming pagbabago sa simula hangang sa kasalukuyan. Subalit may mga paniniwala na hindi nagbago kahit pa nagpalit ang mga ritual at tradisyon. Ang mga pangunahing pinaniniwalaan ng Hudaismo na nananatili hangang sa kasalukuyan ay ang mga sumusunod:

1. Ang paniniwalang may iisang Diyos- eternal, manlilikha at tagapanatili ng sanglibutan.
2. Na ang Diyos ay walang katawan
3. Na ang Diyos, na manlilikha, ay huwis at tagapasya ng kahahatungan ng bawat isa
4. Na ang tao ay nilalang na may mortal na katawan at immortal na kaluluwa
5. Na ang tao ay may dalawang kalikasan at pinaghaharian ng dalawang kagustuhan, isang mabuti, isang masama
6. Na ang tao ay ipinanganak na may kalayaan at kailangang mamili sa masama o mabuti

7. Na ang tao ay ipinanganak na inosente at habang napipigil nya ang kasamaan nananatili syang inosente
8. Lahat ng buhay ay dapat igalang, dahil ito'y mula sa Diyos
9. Ang hustisya ay isang pangunahing virtud- kapag wala nito walang magagawa
10. Ang katotohanan ay isang pangunahing virtud- dahil kapag wala nito walang hustisyang magagawa
11. Ang kapayayapaan ay di maaring mawala- sapagkat ang mundo ay nakasalalay sa katotohanan, hustisya at kapayayapaan
12. Na ang sampung utos ay ibinigay kay Moises bilang isang batas para sa lahat ng katauhan.

**2. Kristiyanismo**

Ang Kristiyanismo ang pinakamalaking relihiyon sa buong mundo. Itinuturo nito ang birtud ng kabutihan, kagandahang-loob, katotohanan, pag-ibig sa kapwa at maging sa kaaway.

Ang Kristiyanismo ay nagmula sa kasaysayan ng kanyang tagpagtatag na si Jesu-Kristo. Si Hesus ay isinilang noong 7-5 B.C. sa Judea, isang maliit na bansa sa Asya minor, ng panahong ito ay nasasakupan ng Roma at nasa estado ng matinding kaguluhan. Ang kalagayang ito ang nagtulak sa maraming Hebreo na umasa sa pagdating ng ipinangakong Misias, ang magliligtas sa lahat ng mga Hebreo sa kamay ng mang-aapi at magdadala ng kapayapaan sa buong mundo.

Sa panahong ito na malaki ang paghahangad sa Mesias, isinilang si Hesus sa Bethlehem at lumaki sa Nazareth, isang bayan sa mababang bahagi ng Galilea, mga limampung kilometro sa Jerusalem.

Ang kasaysayan ni Hesus ay mababasa sa apat na ebanghelyo na sinulat ni Juan, Marcos, Lukas at Mateo.

Ayon sa ebanghelyo si Hesus ay nagturo ng pagmamahal sa kapwa at sa Diyos, gumawa ng mga milagro at kababalaghan at nagbigay pag-asa sa mga Israelita sa pagdating ng kaharian ng Diyos. Sa huli siya ay ipinako sa krus sa di maunawaang paratang ng mga kaparian, namatay at pagkaraan ng tatlong araw ay nabuhay muli. Namuhay at nangaral siya kasama ng mga apostoles at makaraan ang apatnapung araw ay umakyat sa langit. Ayon sa pananampalatayang Kristiyano, siya ay muling babalik sa wakas ng panahon upang maghusga sa lahat. Pinaniniwalaan ng mga Kristiyano na ang pag-aalay ng buhay ni Hesus sa krus ay ang nagligtas at nagtubos sa lahat ng kasalanan ng sanlibutan.

Mula sa mga Apostoles, sa pamumuno ni Pedro, kumalat ang Kristiyanismo sa buong mundo. Ang bagong relihiyong ito ay hinadlangan at marami sa mananampalataya nito ay ipinapatay ng mga Romanong mananakop. Subalit nang maging emperador si Contantino ng Roma natapos ang pang-aapi sa mga Kristiyano at itoy lumago at kumalat sa buing mundo.

Isinama ng Kristiyanismo sa kanyang pinaniniwalaan ang marami sa pinaniniwalaan ng Hudaismo, isinama rin nito ang mga banal na kasulatan ng Hebreo bilang bahagi ng kanyang banal na kasulatan at nang maging bahagi ito ng dominanteng mundo ng mga Romano at Greyego ay isinama nito ang iba pang aspeto ng mga katutubong relihiyon, kaya lalo pa itong lumago.

| Nagtatag / Bansa | Diyos | Banal na Aklat | Doktrina / Paniniwala |
|---|---|---|---|
| **Hesukristo / Israel** | **Ang iisang Diyos** na may 3 persona Ang Ama, Anak-si HesuKristo at ang Espiritu Santo | **Bibliya** Luma at Bagong Tipan | **10 Utos ng Diyos Doktrina ng Simbahan Pagmamahal sa Diyos at sa Kapwa** |

Sa kasalukuyan, ang Kristiyanismo ay binubuo ng maraming sekta, subalit mayroong mga pangunahing paniniwala na tinatangap ng nakararami. Ang mga ito ay ang mga sumusunod:

1. Paniniwala sa Diyos, ang may lalang ng lahat ng nakikita man o hindi. Siya ay at Siya ay nagpapamalas ng kanyang sarili sa lahat ng realidad
2. Na si Hesus ang Mesias, ang Kristo, ang Anak ng Diyos (maaring simbolikal o literal)
3. Sa banal na Trinidad: Ang Diyos Ama, Ang Diyos Anak at Ang Diyos Espiritu Santo
4. Na ang tao ay ipinanganak na makasalanan at nangangailangan ng kaligtasan
5. Na si Hesu-Kristo ay bumaba mula sa langit upang iligtas ang sangkatauhan
6. Na ang tao ay may immortal na kaluluwa, na mananagot sa Diyos
7. Na ang Bibliya ( Bago at Lumang Tipan) ay ang tangap na tagagabay sa buhay
8. Na ang ebanghelyo ay historical
9. Na ang baptismo ay nakakapagpatawad sa kasalanan
10. Sa kapatawaran ng mga makasalanan
11. Sa buhay na walang hangan
12. Na ang sumusunod sa kay Hesu-Kristo at nagsisisi sa kanilang kasalanan ay papasok sa kaharian ng Langit

### 3. Islam

"Ang pagsuko ng sarili kay Allah" ay ang ibig sabihin ng Islam. "ang isang isinuko ang sarili kay Allah" ay tinatawag na Muslim. Mahalaga para sa isang Muslim ang makapaglakbay sa Mecca (Banal na Lungsod). Para sa Muslim ito ay isang obligasyon. Sa Mecca matatagpuan ang Dambana ng Kaaba na kinaroroonan ng Batong Itim na dinarayo nila. Hadji ang tawag sa taong nakarating na sa Mecca. Jihad naman ang tawag nila sa kanilang Banal na Digmaan at ang kanilang pagsamba ay isinasagawa sa loob ng Mosque.

Ang Islam ay gumagalang sa ala-ala ni Abraham at Ismael. Ayon sa kwento, si Abraham ay nanirahan noon sa disyerto kasama ang kanyang dalawang asawa na si Sarah at si Hagar. Si Sarah ay walang anak subalit si Hagar ay nagkaanak na pinangalanang Ismael. Matapos ang sampung taon si Sarah ay nagkaroon din ng anak na pinangalanang Isaac. Dahil sa takot ni Sarah na kunin ni Ismael ang mana ng unang anak sa pag-aari ni Abraham, pinaki-usapan niya si Abraham na palayasin si Hagar at Ismael. Kahit labag sa kagustuhan ni Abraham ito nga ang nangyari.

Nagpalaboy-laboy sa disyerto sina Hagar at Ismael. Sa tindi ng init ng araw, napaupo si Hagar sa isang lugar at napaiyak sa takot na mamatay silang dalawa sa uhaw, sinipa ni Ismael ang mainit na buhangin sa kaniyang kinatatayuan at mula rito dumaloy ang tubig at nagkaroon ng bukal. Nang malaman ito ni Abraham ginawan nya ito ng templong kubiko o kaaba at sa timog na sulok nito inilagay nya ang itim na bato na minana nya pa kay Adan na nagdala nito mula sa hardin ng Eden. Mula noon sino mang nananampalataya at nanalangin ay humaharap tungo sa batong ito. Malapit sa templong ito nanirahan si Hagar at Ismael. Nang lumaki na si Ismael nag-asawa ito at nagkaroon ng malaking pamilya hangang ang mga anak nito ay dumami at naging isang nasyon. At sa palibot ng templo ay naitayo ang isang malaking lungsod na tinawag na Mecca, ang naging banal na lungsod.  Subalit ang mga anak at angkan ni Ismael ay nagkaroon din ng pagsamba sa mga iba't-ibang Diyos na nagpahina sa pananampalataya at nagpasama sa mga ito.

Nang taong 570 A.D. sa lungsod ng Mecca ay isinilang si Kutam Mohammed. Nang si Kutam ay lumaki na, nagkaroon siya ng mga bisyon at nakarinbig ng tinig na nagsabi na siya ay ang sugo ni Allah, kaya siya ay nangaral, subalit walang naniwala sa kanya. Nagtiyaga siyang sa pangangaral. Ang mga aral naming ito ay sinulat naman ni Abu Bekr. Nang gabi ng Hunyo 20,A.D. 622 kinailangang tumakas ni Mohammed sa Mecca patungong Yathrib upang iwasan ang planong pagpatay sa kanya. Ito ay naging makasaysayan sa mga muslim. Sa Yathrib na pinalitan ng pangalang Medina nag organisa si Mohammed ng kanyang hukbo upang kumbinsihin ang mga tao sa bagong pananampalataya na tinawag niyang Islam, ibig sabihin ang pagsuko sa Diyos. Matapos ang walong taon bumalik si Mohammed sa Mecca upang sirain ang mga estatwa ng mga diyos-diyosan at upang palaganapin ang Islam. Matapos pa ang

dalawang taon hindi lamang ang mga taga Mecca ang kanyang nakumbinse kundi buong Arabia.

Sa edad na animnaput dalawa namatay si Mohammed at si Abu Bekr ang humalili at naging unang kalip. Inipon ni Abu Bekr ang lahat na talumpati at pangangaral ni Mohammed at ito ang naging banal na aklat ng Islam, ang Koran.

| **Nagtatag / Bansa** | **Diyos** | **Banal na Aklat** | **Doktrina / Paniniwala** |
|---|---|---|---|
| Muhammad / S. Arabia | Allah | Koran | Shahadah – pagpapatotoo-si Allah ang nag-iisang diyos at si Muhammad ang propeta<br><br>Salat – pagdarasal ng 5 beses sa isang araw<br><br>Zakah – pahlilimos<br><br>Sawm- pag-aayuno<br><br>Haji- paglalakbay sa Mecca |

Upang higit pang maunawaan ang Islam, ating ilatag ang mga pinaniniwalaan ng Islam.

1. Isang Diyos. Ang unang pinaniniwalaan ng Islam ay ang pagkakaroon ng iisan Diyos, ang nagkakaloob ng lahat ng kabutihan sa buhay ng tao. Samakatwid ang Diyos ay dapat laging nasa puso at isip ng tao at ang tunay na nananampalataya ay kailangang magdasal sa Diyos ng limang beses sa isang araw.
2. Banal na Lupa. Ang lahat ng mundo ay kay Allah at kung saan man ang tao ay nananalangin ito ay banal na lugar

3. Pagkakapantay-pantay sa mata ng Diyos. Hindi kailangan ng tao ng tagapamagitan kay Allah. Lahat ng tao ay pantay-pantay kay Allah
4. Buhay pagkatapos mamatay. Ang pisikal na katawan ay namamatay, samantalang ang kanyang kaluluwa ay patuloy na mabubuhay. Pagkatapos mamatay ng tao ang kaluluwa ay pumupunta sa langit o sa empyierno na nakabatay sa uri ng kanyang pamumuhay
5. Pagbabawal sa paglalasing. Ipinapalagay ng Islam na ang paglalasing ay ang ina ng lahat ng lahat ng kasamaan kaya kasalanan ito
6. Pagiging makatutuhanan. Ang magsabi ng tutuo sa lahat ng oras at lahat ng pagkakataon ay utos ng Diyos.
7. Pagbabawal sa pangangalunya. Walang higit na kinamumuhian si Allah kaysa sa pangangalunya.
8. Pagiging Mapagbigay. Hadith, ang pagbibigay ay hindi lamang maipapakita sa paglilimos kundi sa kabaitan at pagkalinga sa ibang tao.
9. Tungkulin sa mga hayop. Ang kabaitan ay kailangang ibigay kahit sa mga hayop
10. Limitadong Poligamiya. Ang isamg Muslim ay pinapayagang mag-asawa hangang sa apat kung ito ay kaya niyang pangalagaan



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Panuto: Itapat ang Hanay A sa Hanay B. Titik lamang ang isulat.

| A | B |
|---|---|
| 1. Pagdarasal ng 5 beses sa loob ng isang araw na nakaharap sa Mecca. | a. Koran |
| 2. Ang Pagsuko ng Sarili kay Allah | b. Mecca |
| 3. Banal na Digmaan ng mga Muslim | c. Jihad |
| 4. Banal na Lungsod ng mga Muslim | d. Muslim |
| 5. Bibliya ng mga Muslim | e. Salat |
| | f. Islam |

B. Maglatag ng tatlong pagkakahawig sa pinaniniwalaan ng Hudaismo, Kristiyanismo at Islam

1.______________________________________

2.______________________________________

3.______________________________________




**Tandaan Mo!**

- Ang Hudaismo ay naniniwala kay Yahweh, ang Diyos ni Abraham, ni Isaac at ni Jacob na nagligtas sa bayang Israel mula sa pagkaalipin sa Ehipto. Ang bayang Israel ay bayang pinili ng Diyos sa pakikipagtipan kay Abraham.
- Ang Kristiyanismo ay naniniwala na si Hesus ay ang Mesias na ipinadala ni Yahweh upang iligtas hindi lamang ang Israel kundi ang lahat ng tao sa kasalanan.
- Ang Islam ay naniniwala na walang ibang Diyos kundi si Allah, si Mohammad ang kanyang propeta at ang tao ay dapat isuko ang sarili kay Allah.
- Ang tatlong relihiyong ito ay naniniwala na may iisang Diyos na nagmamahal sa tao.



**Gawain 3: Paglalapat**

Gawain A: Punan ng tamang salita ang Crossword Puzzle.




PABABA:

1. Tawag sa pinuno ng mga Hudyo na nagtuturo ng mga aral sa mga tao.
2. Pagdiriwang sa pagkakaligtas ng mga Hudyo sa mga Persyano.
3. Tawag sa mga tagasunod ng relihiyong Hudaismo
4. Sa kanya ipinagkaloob ng Diyos ang 10 utos.

PAHALANG:

2. Pag-alaala sa exodus
5. Nagtatag ng Hudaismo
6. Diyos ng mga Hudyo

Gawain B: Sagutin ang sumusunod

1. Papaano mo maisasabuhay ang iyong pananampalataya? ________________________

   ______________________________________________________________________

   ______________________________________________________________________

2. Papaano mo maipapakita ang iyong paggalang sa ibang pananampalataya? ________

   ______________________________________________________________________


   ______________________________________________________________________

## ARALIN 4

## MGA RELIHIYON SA SILANGANG ASYA



Susuriin sa araling ito ang mga relihiyong Confucianismo, Daoismo at Shinto. Ang confucianismo at Daoismo ay laganap sa Tsina at iba pang bahagi ng Asya samantalang ang Shinto ay laganap sa Japan.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Natatalakay ang mga pinaniniwalaan ng mga relihiyon na nagmula sa Tsina at Japan;
2. Naihahambing ang mga pinaniniwalaan ng Confucianismo at Daoismo;
3. Nasusuri ang kaibahan ng Shintoismo sa ibang relihiyon; at
4. Nalalaman ang papel ng relihiyon sa pamumuhay ng mga Intsik at Hapon.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Panuto: Sagutin ang mga katanungan sa ibaba.

1. Ipaliwanag ang isinasaad ng Gintong Aral. ______________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

2. Anu-anong bagay ang dapat itakwil ayon sa Taoismo? Bakit? _______________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

3. Anu-ano naman ayon kay Confucius ang katangian ng isang mabuting pamahalaan? Masasabi mo bang mabuti ang ating kasalukuyang pamahalaan? Ipaliwanag ang sagot. ____________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

4. Ano ang pinakasentro ng pagpapahalaga sa Confucianismo? ______________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

5. Ano naman ang sa Taoismo o Daoismo? ______________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

**Mga Relihiyon sa Silangang Asya**

Ang Dinastiyang Tang ang itinuturing na Gintong Panahon ng China. Panahon din ito ng mga dakilang pilosopo tulad nina Confucius at Lao Tzu. Ang mga pilosopiya ng dalawang ito ay ginawang relihiyon ng kanilang mga tagasunod at naging batayan ng mga Tsino sa kanilang buhay.

Suriin ang talahanayan at tingnan kung saan magkatulad at magkaiba ang dalawa.

| | Confucianismo | Taoismo |
|---|---|---|
| Nagtatag | Conficius (Kung Fu Tsu) | Lao Tzu |
| Banal na Aklat | Confucian Classics/ 5 k'ing | Tao Te Ching |
| Mga Aral / Paniniwala | *Gintong aral –"Huwag mong gawin sa iba ang ayaw mong gawin nila sa iyo"<br>*Moralidad at Edukasyon- pinakapuso ng Confucianismo<br>*Pagpapahalaga sa mga nagawa ng tao<br>*Pagkakaroon ng mabuting pamahalaan | *Pagsunod sa kalikasan<br>*Wu Wei – pagtatakwil sa mga gawaing may hinihintay na kapalit<br>*Tutol sa pakikialam sa buhay ng tao<br>*Tutol sa digmaan at maluhong pamumuhay |

**1. Confucianismo**

Ang confucianismo ay isang pilosopiya at relihiyong nagmula sa Tsina. Si Confucius ang kinikilalang tagapagtatag nito. Ang pangunahing turo ni Confucius ay Etikal. Naniniwala si Confucius na kapag ang tao ay isinasagawa ang nasa batas moral ay ginagawa niya ang kagustuhan ng langit.

Ang Confucianismo ay may anim na Prinsipyong pinaniniwalaan. Ito ang mga sumusunod:

1. Ang natura ng tao ay mabuti at anumang kasamaan ay hindi natural
2. Ang tao ay malayang kumilos ayon sa kanyang kagustuhan at siya ang panginoon ng kanyang pagpipili.
3. Ang birtud ay ang sarili nyang gantimpala. Kung ang isang tao ay gumawa ng mabuti dahil sa gantimpala o umiwas sa masama dahil sa takot sa parusa nito ay hindi isang birtud.

4. Ang batas para sa pansariling pagkilos ay: huwag mong gagawin sa kapwa mo ang ayaw mong gawin nila sa iyo
5. Ang tao ay may limang tungkulin: sa kanyang hari, sa kanyang ama, sa kanyang asawa, sa kanyang nakatatandang kapatid, sa kanyang kaibigan, at higit sa lahat ang kanyang katungkulang sa mga kapatid
6. Ang tao ay kailangang magsumikap na maging superyor na tao

Mayroon din silang Limang Birtud na kailangang isabuhay

1. **Benebolensya (Jen)**- ang pag iisip lagi ng kabutihan ng mamamayan
2. **Kabutihan (Yi)**- ang di paggawa sa pinamumunuan ang ayaw momg gawin nila sa iyo
3. **Propriety (Li)**- ang laging pagkilos ng may paggalang at kurtisiya
4. **Karunungan (Chin)**- lagging napatnubayan ng kaalaman at pag-unawa
5. **Sinsiridad (Hsin)**- ang pagiging tapat at makatotohanan sa lahat ng ginagawa

**2. Taoismo**

Ang pangunahing paniniwala ng Taoismo ay matatagpuan sa Tao Teh king. Ang paghahangad ng intsik sa buhay na walang hangan ay nagbunga sa relihiyon at mga mahikong pamamaraan. Maraming kinikilalang diyos ang mga intsik.

Ang Taoismo ay lagi nang nagbibigay ng mataas na paggalang sa iba't-ibang diyos tulad ni T'ai I (ang kaisahan), T'ien I (langit), at Ti I (mundo). Mayroon din silang panlabas na diyos katulad ng diyos sa kusina at diyos ng timog kanlurang bahagi ng belay.

Ang opisyal na pagkilala sa Taoismo bilang isang relihiyon ay nangyari noong noong 165 A.D. sa utos ng Emperador Huan ng ikalawang dinastiyang Han ng ipag utos nitong mag-alay ng opisyal na parangal at magpatayo ng tempo para kay Lao Tzu. Subalit hindi ito gaanong sumikat hangang sa ikalimang siglo ng ang emperador Tai Wu Ti ay nagbigay ng pagkilala rito sa buong hilaga ng emperyong Wei. Ang pinakatanyag

na panahon sa Taoismo ay nangyari nang ang dinastiyang T'ang ay napag-isa ang Tsina at ang emperador na si Li-Shi-Min (627-649 A.D.) ay nagbigay ng kautusan na kailangang pumasa sa pagsusulit sa teksto ng Taoismo ang sinumang gustong maglingkod sa serbisyong sibil. Dahil dito ay kumalat sa hilaga at timog Tsina, sa Tibet at japan ang Taoismo.

Sa kasalukuyan ang Taoismo ay langanap sa Taiwan, lalo na ng lumipat ditto ang ang master ng simbahang Taoismo mula sa Tsina nang ang kumunista ay umupo sa kapangyarihan, sa mga intsik sa Malaysia, Thailang at Singapore.

**3. Shintoismo**

Noong ang mga hapon ay isa pang primitibong kalipunan ng iba't-ibang lahi at wala pang linguaheng nasusulat, ang kanilang relihiyon ay simpleng pagsamba sa kalikasan. Ang kalawakan ay pinaniniwalaang pinaninirhan ng mga ga-taong diyos.

Sa panahong ito ang mga hapon ay wala pang pangalan sa kanilang relihiyon. Nang tinipon nila ang una sa magiging banal na kasulatan noong A.D. 712 na tinawag nilang Kojiki o talaan ng makalumang bagay, kung saan isinama nila ang kasaysayan ng unang emperador at ang kanyang pinagmulang ga-taong diyos sa langit.

Nang makasalamuha na ng hapon ang mga intsik, natutunan nila ang mga kasulatang intsik, Buddhismong intsik, Confucianismo at marami pang elementong cultural mula sa Tsina. Tinangap din ng mga hapon ang relihiyon ng mga intsik at sinamahan nila ito ng kanilang katutubong ritwal at paniniwala na umusbong bilang isang bagong relihiyon na tinawag ng mga intsik na "Shin-Tao" o ang daan ng mga diyos. Nakilala ang relihiyong ito na tinatawag sa japan na Kami-No- Michi bilang Shintoismo.

Kakaiba sa ibang buhay na relihiyon, liban sa Hudaismo, ang Shintoismo ay bahagi ng kasaysayan ng isang lahi. Ang isang Shinto ay kailangang magkaroon ng walang alinlangang katapatan sa emperador ng Japan bilang isang nagmula sa angkan ng diyos ng araw. Sa relihiyong ito lahat ng ipinanganganak na hapon ay kailangang

maging tapat sa paniniwala at gawa upang siya ay maituring na mabuting hapon. Hindi niya ito pinili, ito ay kanyang obligasyon.

Ang Shintoismo ay maraming templo kung saan maaring manalangin ang mga nananampalataya subalit wala silang mga imahin at idolo. Ang kagandahan ay kailangang manahan sa pang araw-araw na pamumuhay sapagkat ayon sa Shintoismo ang kagandahan na nasa kalikasan ay banal. Mayroon din silang mga ritwal kagaya ng ritwal sa pag-aani, sa diyos na araw, at sa paglilinis.


Ang Shintoismo ay nagwawaksi sa pagnanakaw at pagsisinungaling. Mayroon silang batas sa pag-uugali o batas ng mga mararangal. Ito ay binubuo ng mga sumusunod:

1. Katapangan- ang una sa mga birtud. Ang tapang na mabuhay kung ito ay nararapat at mamatay kung ito ay nararapat.
2. Pagwaksi sa karuwagan- na lahat ng kasalanan, maliit man o malaki ay maaring patawarin liban sa karuwagan at pagnanakaw.
3. Katapatan-ang unang katapatan ay sa emperador, sunod ay pamilya, kumunidad at sa susunod na henerasyon
4. Kalinisan-malaking oras sa ritwal nila ay ginugugol sa paglilinis. Ang karumihan ay isang kasalanan sa diyos.

Ayon sa alamat ng Shintoismo, isang araw may dalawang diyos na bumisita sa mundong ballot pa noon sa tubig. Ito ay si Izagani at ang kanyang nakababatang kapatid na babaeng si Izanami. Habang ang dalawa ay nasa tulay nag langit, kinuha nila ang sibat at itinusok sa tubig. Nang kanilang inangat ang sibat may tubig na pumatak sa dulo nito at ito ang nagging isla ng Onogoso. Sa islang ito nanirahan ang dalawa. Mula sa pagniniig ng dalawa ay isinilang ang islang tinawag na Futa-na. Matapos nito, marami pang isla ang sumunod. Pagkatapos isinilang naman ang mga diyos at sa huli ay ang tatlong anak: ang diyos ng araw (Amaterasu-omi-Kami), ang diyos ng buwan at ang diyos ng bagyo(Susa-No-Wo). Mula kay Amaterasu-Omi-Kami (diyos ng araw) ay ang apong si Jimmu-Tenno na nagging unang emperador o Mikado ng Japan at ditto na nagsimula ang kasaysayan ng Japan.

Sa kasalukuyan, kahit pa maraming nagging sekta ang Shintoismo, karamihan ay naniniwala sa mga sumusunod na aral:

1. Ang maging matapang, tapat at malinis
2. Ang ama at ina ng mga hapon ay nagmula kay Izagani at Izanami
3. Ang buhay ay mabuti
4. Ang mundo ay naghahayag ng kagandahan lalong lalo na sa dignidad at simplisidad
5. Ang gawa ay mas mahalaga kaysa argumento. Ang kamay ay mas malakas kaysa sa bibig.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Magbigay ng tatlong gawaing Pilipino na may elemento ng paniniwala ng Confucianismo

| Gawaing Pilipino | Elemento ng Confucianismo |
|---|---|
| 1.________________________ | __________________________ |
| 2.________________________ | __________________________ |
| 3.________________________ | __________________________ |

Gawain B: Magbigay ng halimbawa ng mga turo ng Confucianismo, Daoismo at Shintoismo na makakatulong sa iyong buhay moralidad

1. ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
2. ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________
3. ________________________________________________________________
   ________________________________________________________________




**Tandaan Mo!**

- Ang confucianismo ay naniniwala sa Gintong aral –"Huwag mong gawin sa iba ang ayaw mong gawin nila sa iyo", sa Moralidad at Edukasyon, pagpapahalaga sa mga nagawa ng tao at pagkakaroon ng mabuting pamahalaan.
- Ang Daoismo ay naniniwala sa pagsunod sa kalikasan, sa "Wu Wei" o pagtatakwil sa mga gawaing may hinihintay na kapalit at tutol sa pakikialam sa buhay ng tao at sa digmaan at maluhong pamumuhay
- Ang Shintoismo ay naniniwala na ang buhay ay mabuti, ang mundo ay naghahayag ng kagandahan lalong lalo na sa dignidad at simplisidad at ang gawa ay mas mahalaga kaysa argumento. Ang kamay ay mas malakas kaysa sa bibig.



**Gawain 3: Paglalapat**

A. Panuto: Isulat sa mga titik A ang mga relihiyon sa Asya na napag-aralan sa modyul na ito. Isulat naman sa titik B ang nagtatag ng relihiyong ito. Isulat sa mga titik C ang bansang pinagmulan ng mga ito. Anong kaisipan ang natutunan mo batay sa nabuong Concept Mapping?




B. Pagbubuo

Panuto: Punuan ang patlang sa ibaba at bumuo ng isang paglalahat tungkol sa mga relihiyon sa Asya.

.Ang mga relihiyon sa Asya na nagmula sa India ay ang (1) ________________, ________________at ___________________, Samantalang ang (2) ___________________, _____________________at ____________________ ay nagmula sa gitnang Asya. Sa Tsina at Japan naman galing ang mga relihiyong (3) _________________________, ___________________, at _____________________.

Si (4) _________________________ ang nagtatag ng Buddhismo; si (5) ___________________ ang sa Islam at si Lao Tzu ang sa_________________.

Laganap ang Kristiyanismo sa (6) ______________________ samantalang sa Israel ay (7) _____________________ at may mga naniniwala pang mangilan-ngilan sa Jainismo sa (8) _______________________.

C. Bakit mahalaga ang relihiyon sa buhay ng mga Asyano?


- ______________________________________________
- ______________________________________________
- ______________________________________________



**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO**

- Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, dapat mong tandaan ang mga sumusunod na mahahalagang kaalaman:
- Ang prinsipal na relihiyon sa Asya ay Hinduismo, Islam at Buddhismo, samantalang ang ibang relihiyon o sektang di-gaanong laganap ay ang Sikhs, Parsis at Jains sa India.
- Ang Hinduismo ay walang kinikilalang iisang indibidwal na tagapagtatag, ito ay nagmula sa mga Aryan, samantalang si Sidharta Gautama o Buddha ang nagtatag ng Buddhismo at si Mahavira naman ang nagtatag sa Jainismo.
- Si Abraham ang kinikilalang tagapagtatag ng Hudaismo, samantalang si Hesu-Kristo ang nagtatag sa Kristyanismo at si Kutam Mohammed naman ang nagtatag sa Islam.
- Ang Confucianismo ay nagmula sa turo ni Kung Fu Tsu o Confucius, si Lao Tzu naman ang pinagmulan ng Taoismo. Ang Shintoismo ay nagmula sa tradisyonal na paggalang ng mga hapon sa kalikasan
- Ang mga relihiyon na nagmula sa India ay may karakter na pilosopikal, panloob at sumasaliksik sa natura ng realidad.
- Ang mga relihiyon namang nagmula sa Gitnang Silangan ay may pagka moralista; at naniniwala sa relasyong tao at Diyos, sa kaligtasan at pagiging optimistiko.

- Ang sentral na paniniwala ng Hinduismo ay ang pagkakaroon ng isang unibersal na espiritu, o walang hangang essensya, walang simula at walang hangan, na tinatawag na Brahman.
- Ang pangunahing pananampalataya ng Buddismo ay pagkilala sa apat na dakilang katotohanan.
- Ang konsiderasyon sa lahat ng bagay na buhay ay buod at sentro ng paniniwala ni Mahavira at ng Jainismo. Tinagurian itong AHIMSA, ibig sabihin kawalan ng pananakit na nagbibigay dangal sa buhay at lahat ng may buhay.
- Ang Hudaismo ay naniniwala kay Yahweh, and Diyos ni Abraham, ni Isaac at ni Jacob na nagligtas sa bayang Israel mula sa pagkaalipin sa Ehipto. Ang bayang Israel ay bayang pinili ng Diyos sa pakikipagtipan kay Abraham.
- Ang Kristiyanismo ay naniniwala na si Hesus ay ang Mesias na ipinadala ni Yahweh upang iligtas hindi lamang ang Israel kundi ang lahat ng tao sa kasalanan.
- Ang Islam ay naniniwala na walang ibang Diyos kundi si Allah, si Mohammad ang kanyang propeta at ang tao ay dapat isuko ang sarili kay Allah
- Ang tatlong relihiyong ito ay naniniwala na may iisang Diyos na nagmamahal sa tao.
- Ang Confucianismo ay naniniwala sa Gintong aral –"Huwag mong gawin sa iba ang ayaw mong gawin nila sa iyo", sa Moralidad at Edukasyon, pagpapahalaga sa mga nagawa ng tao at pagkakaroon ng mabuting pamahalaan.
- Ang Daoismo ay naniniwala sa pagsunod sa kalikasan, sa "Wu Wei" o pagtatakwil sa mga gawaing may hinihintay na kapalit at tutol sa pakikialam sa buhay ng tao at sa digmaan at maluhong pamumuhay
- Ang Shintoismo ay naniniwala na ang buhay ay mabuti, ang mundo ay naghahayag ng kagandahan lalong lalo na sa dignidad at simplisidad at ang gawa ay mas mahalaga kaysa argumento. Ang kamay ay mas malakas kaysa sa bibig.



**PANGHULING PAGSUSULIT**

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Anong batas ng Hinduismo ang nagsasaad na “Anumang mabuti ay galing sa mabuti at anumang masama ay galing sa masama”?
   A. Batas ng Dharma
   B. Batas ng Reinkarnasyon
   C. Batas ng Karma
   D. Batas ng Anatta

2. Siya ang propeta ni Allah.
   A. Kutam Mohammad
   B. Siddharta Gautama
   C. Lao Tzu
   D. Abraham

3. Ang pagdarasal ng Muslim ng limang beses sa isang araw.
   A. Hajj
   B. Zakah
   C. Sawm
   D. Salat

4. Ito ang tawag sa mga nagsulat ng buhay, turo at aral ni Hesus.
   A. Jains
   B. Abu Bakr
   C. Apostoles
   D. Evangelista

5. Ang estado ng pagkawala sa tanikala ng reinkarnasyon at pakikiisa kay Brahman.
   A. Samsana
   B. Moksha
   C. Dharma
   D. Nirvana

6. Ito ang aklat na sinulat ni Lao Tzu na nagging sandigan ng Daoismo.
   A. Tao Te Ching
   B. Analect
   C. Upanishad
   D. Limang libro ng K’ing

7. Siya ang tinaguriang Buddha o ang naliwanagan na nagtatag ng Buddhismo.

A. Kutam Mohammad
B. Siddharta Gautama
C. Lao Tzu
D. Abraham

8. Ang una sa apat na banal na katotohanan ayon kay Buddha.

A. Ang sanhi ng pagdurusa ay paghahangad
B. Ang buhay ay puno ng pagdurusa
C. Maaring mawala ang pagdurusa
D. Nawawala ang pagdurusa sa pamamagitan ng pagsunod sa walong tamang daan

9. Ito ang dating lungsod ng Yathrib na tinaguriang lungsod ng kaharian ng propeta kung saan nagkubli si Mohammad sa mga taong gustong pumatay sa kanya.

A. Mecca
B. Medina
C. Judah
D. Jerusalem

10. Ito ang banal na kasulatan ng Shintoismo.

A. Tao te cheng
B. Analect
C. Kojiki
D. Shu K'ing

11. Ang pangunahing paniniwala ng Jainismo na iba sa Hinduismo at Buddhismo.

A. Ang mga Vedas ay hindi banal na aklat
B. Ang Ahimsa o pagiging sagrado ng buhay
C. Ang paggawa ng Dharma
D. Ang Karma

12.Ang templong ginawa ni Abraham na kung saan naroroon ang itim na banal na bato at kung saan humaharap sa direksyon nito kapag nananalangin ang mga Muslim.

A. Kaaba
B. Altar
C. Temlo ni Shiva
D. Ang arko ng kasunduan

13. Ito ang ibinigay ng Diyos kay Moises sa bundok ng Sainai.

A. Kaaba
B. Ang Sampung Utos
C. Ang apat na banal na katotohanan
D. Ang Shahada

14. Ang tradisyonal na pagsamba ng mga Hapon sa kalikasan.

A. Jainismo
B. Buddhismo
C. Shintoismo
D. Daoismo

15. Ang unang tao na nilikha ni Brahman ayon sa paniniwalang Hinduismo.

A. Manu
B. Abraham
C. Adan
D. Brahmin

16. Ito ang kumentaryo sa batas na itinuturo sa pamamagitan ng bukambibig ng Hudaismo.

A. Upanishad
B. Talmud
C. Torah
D. Analect

17. Ang mga nagpalaganap ng Kristiyanismo sa Pilipinas.

A. Ang mga gurong Tomasinong amerikano
B. Ang mga prayleng Kastila
C. Ang mga sundalong Hapon
D. Ang mga mangangalakal na intsik

18. Siya ang nagsagawa ng sermon sa Benares.
   A. Hesu-Kristo
   B. Mohammad
   C. Ismael
   D. Buddha

19. Sino ang nakakasakop sa Judea ng isilang si Hesus?
   A. Mga Kastila
   B. Mga Hapon
   C. Mga Amerikano
   D. Mga Romano

20. Ito ay ang banal na aklat ng Hinduismo.
   A. Koran
   B. Bibliya
   C. Vedas
   D. Torah




**GABAY SA PAGWAWASTO:**

**PANIMULANG PAGSUSULIT**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. B | 6. D | 11. B | 16. D |
| 2. D | 7. A | 12. D | 17. C |
| 3. A | 8. B | 13. C | 18. D |
| 4. C | 9. B | 14. B | 19. B |
| 5. A | 10. A | 15. B | 20. B |

**ARALIN 1 ANG MGA RELIHIYON SA ASYA**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

A: 1.Salat, 2.Samsana, 3. Nirvana, 4.Rosh Hashona, 5. Tao Te Ching

B.

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| K | | | | | | | | | | | | O | | B |
| | R | | | | | | | I | S | L | A | M | | U |
| | O | I | | | | | | | | | | S | | D |
| | M | | S | | S | | | | | | | I | | D |
| | S | | | T | H | | | H | | | | N | | H |
| | I | | | | I | | | U | | | | I | D | I |
| | N | | | | N | A | | D | | | | A | | S |
| | A | | | | T | | N | A | | | O | J | | M |
| | I | | | | O | | | I | | I | | | | O |
| | C | | | | | | | S | S | | | | | |
| | U | | | | | | | M | | M | | | | |
| | F | | | | | | O | O | | | O | | | |
| | N | | | | | | | | | | | | | |
| | O | | | | | | | | | | | | | |
| | C | O | N | F | U | C | I | A | N | I | S | M | O | |

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A.

1. E
2. C
3. D
4. B
5. F

B. Buddhismo: Burma, Thailand, Laos, Cambodia, Sri Lanka, at Japan

Islam:Silangang Asya, Indonesia, Pakistan, Bangladesh, Malaysia, at Afghanistan

**Gawain 3: Paglalapat**

Gawain A

1. Buddhismo 6. Hudaismo

| | |
|---|---|
| 2. Hinduismo | 7. Kristiyanismo |
| 3. Islam | 8. Taoismo |
| 4. Confucianismo | 9. Islam |
| 5. Buddhismo | 10. Hudaismo |

B. Maraming maaaring maging sagot. Makipagkita sa iyong guro at isanguni ang iyong sagot

**ARALIN 2 MGA RELIHIYONG NAGSIMULA SA INDIA**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

A Maraming maaaring maging sagot. Makipagkita sa iyong guro at Isanguni ang iyong sagot

B:

1. Brahma
2. Sudras
3. Manu
4. Siddhartha Gautama
5. Mahavira

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A.

1. Samsana
2. Brahma
3. Aryan
4. Karama
5. Brahmin

B:.

1.. Mali

2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Mali

**Gawain 3: Paglalapat**

A.

1. Tripitaka
2. Buddha
3. Ang paghahangad
4. Siddhartha Gautama
5. Nirvana

B. Maraming maaaring maging sagot. Makipagkita sa iyong guro at isanguni ang iyong sagot

**ARALIN 3 MGA RELIHIYONG NAGSIMULA SA TSINA**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

K-krus,Kristo,Kalbaryo; R- rosaryo, Romano, Roma; I- Ilias,imahin; S- santo, sakramento ;T- tradisyon, trinidad; I-iisang Diyos; Y- Yahweh ; A- altar, abuloy; N- Nazareth; I- Israel; S- santo papa; M- Misa; O- olyo, ostiya

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A.

1. E, 2.D, 3. C, 4. B, 5. A

B.

Paniniwala sa Iisang Diyos

Paniniwala sa Angel

Paniniwala sa pagmamahal sa kapwa

Paniniwala sa pagpapatawad at kapatawaran ng kasalanan

***May iba pang tamang sagot. Isangguni sa iyong guro.***

**Gawain 3: Paglalapat**

A.

| Pababa | Pahalang |
|---|---|
| 1. Rabbi | 2. Passover |
| 2. Purim | 5. Abraham |
| 3. Hudyo | 6. Yahweh |
| 4. Moses | |

B. Maraming maaaring maging sagot. Makipagkita sa iyong guro at isanguni ang iyong sagot

**ARALIN 4 RELIHIYONG NAGSIMULA MALAPIT SA SILANGANG ASYA**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

1. Huwag gawin sa iba ang ayaw mong gawin din nila sa iyo.
2. Gawaing may hinihintay na kapalit, digmaan, maluhong pamumuhay, pakikialam sa buhay ng may buhay
3. Tiwala sa pinuno, sapat na armas at sapat na pagkain
4. Moralidad at edukasyon
5. Pagsunod sa kalikasan

**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A Maraming maaaring maging sagot. Makipagkita sa iyong guro at isanguni ang iyong sagot

B. Maraming maaaring maging sagot. Makipagkita sa iyong guro at isanguni ang iyong sagot

**Gawain 3: Paglalapat**

A.

| | | |
|---|---|---|
| Buddhismo | Taoismo | Confucianismo |
| Siddhartha Gautama | Lao Tzu | Confucius |
| India | Tsina | Tsina |
| Gintong Aral | Pagmamahal sa kalikasan | maging Superior na tao |
| | | |
| Hudaismo | Islam | Jainismo |
| Abraham | Mohammad | Mahavira |
| Gitnang Silangan | Gitnang Silangan | India |
| Maging tapat sa tipan | pagsuko kay Allah | paggalang sa buhay |

B.

1.Hinduismo, Buddhismo, Jainismo
2.Hudaismo, Kristiyanismo at Islam
3.Confucianismo, Taoismo at Shintoismo
4.Sidhartha Gautama
5.Mohammad; Daoismo
6.Pilipinas
7.Hudaismo
8.India

C. Maraming maaaring maging sagot. Makipagkita sa iyong guro at isanguni ang iyong sagot

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT:**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. C | 6. A | 11. B | 16. B |
| 2. A | 7. B | 12. A | 17. B |
| 3. D | 8. B | 13. B | 18. B |
| 4. D | 9. B | 14. C | 19. D |
| 5. D | 10. C | 15. A | 20. C |